BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SEOND CLASS MAIL MATTERS
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 47 10.00 AUGUST 18 - 24, 2025

# Sipag Pinoy Builders proposes third party monitoring of public works projects

*see page 2*

# Marangal na pasahod

"Tuloy po ang pakikipaglaban natin para sa marangal na arawang sahod ng ating manggagawa."

Ito ang sinabi ni Cavite First District Rep. Jolo Revilla sa muling paghahain ng panukalang batas na naglalayong mabigyan ng dagdag na P200 kita sa arawang sahod sa buong bansa.

Aniya, hindi niya isinusuko ang laban para



makamit ang tamang hustisya sa mga manggagawa.

"Our minimum wage earners deserve more than token increases. Kailangan nila ang totoong kalinga at suporta para sa isang marangal na pasahod," sabi ng mambabatas.

Wika pa ni Revilla: "A livable wage is not a luxury—it is the foundation of a just society."

*sundan sa pahina 2*

# LGUs dapat kasali sa nat'l budget hearing

Dapat kasali sap ag-uusap sa proseso ng paglalatag at pagpopondo sa pambansang badyet ng gobyerno ang mga lokal na opisyal ng pamahalaan.

Dahil dito, hinikayat ni Senate President Chiz Escudero ang Senate Committee on Finance na imbitahan ang mga gobernador, alkalde at iba pa sa parating na pagtalakay ng 2026 national budget.

"They have been sidelined for too long. It is now time to give them a seat at the table," sabi ni Escudero na iginiit, dapat bigyan ng pagkakataon na mabusisi rin ng mga lokal na opisyal ang pondo sa mga proyekto sa kanilang nasasakupan.

Mas alam ng mga lokal na opisyal ang pangangailangan ng kanilang mga kababayan, kaya dapat din silang sangguniin at hayaang magsabi ng kanilang naisin.

"Kung mga division heads ng maliliit na bureaus ay dumadalo sa budget hearings, bakit ang mga pinuno ng mga probinsya at malalaking lungsod ay hindi?" wika ni Escudero.



Panahon nang konsultahin ang local government units (LGUs) sa mga proyekto ng gobyerno, aniya./Liza Fe Bonete

# Gov. Abeng Remulla welcomes friends and partners in service

Cavite Governor Abeng Remulla recently hosted a warm gathering with friends and partners in public service which was filled with laughter, meaningful conversations, and a renewed sense of unity among civic leaders, volunteers, and community advocates. Remulla personally thanked each guest for their contributions, and shared updates on ongoing programs of the provincial government on education, health, livelihood and other concerns.



The young governor reaffirmed his commitment to serving the people of Cavute with transparency, empathy, and purpose.

# Libreng P20K PhilHealth GAMOT package

Lahat ng miyembro ng PhilHealth ay makakukuha ng gamot – na libre sa loob ng isang taon – mula sa bagong programa ng PhilHealth, ang PhilHealth Guaranteed and Accessible Medications for Outpatient Treatment (PhilHealth GAMOT). Ito ay bahagi ng outpatient drug benefit package na bahagi ng PhilHealth YAKAP Program na inianunsiyo ni President Bongbong . Marcos sa kanyang t State of the Nation Address (SONA) noong Hulyo 28, Ayon kay Dr. Erwin Mercado, president/CEO ng PhilHealth, 75 klase ng medisina na aabot sa P20,000 ang matatanggap nang walang bayad ng bawat benepisyaryo ng ahensiya. Mga gamot laban sa impeksiyon, hika, COPD, diabetes, high cholesterol (dyslipidemia), high blood pressure at may kinalaman sa sakit sa puso at iba pang sakit, at iba pang pantulong na therapy ay maaaring makuha ng pasyenteng kasapi ng PhilHealth. Upang matamo ang benepisyo, kailangang magparehisto ang mga miyembro ng mapipiling PhilHealth YAKAP Clinic, kasunod nito, matapos na masuri ang karamdaman, mag-iisyu ang doctor ng reseta ng gamot na naglalaman ng Unique Prescription Security Code (UPSC). Sa alinmang GAMOT Facility ay ipepresenta ng miyembro ang resetang UPSC, kalakip ang ID na iniisyu ng anomang ahensiya ng gobyerno. Mga GAMOT facilities na akredit ng PhilHealth na makakukuha ng libre ng resetang gamot: ·Vidacure na may sangay sa Muntinlupa City at Quezon City ·Pharma Gen Ventures Corp (Generika Drugstore) na may sangay sa n Parañaque City, Navotas City, Quezon City at Taguig City ·CGD Medical Depot Inc. sa Vertis North ·Chinese General Hospital Pinararami pa ng ahensiya ang dami ng GAMOT facilities, ayon kay Dr. Mercado na muling pinagtibay ang komitment ng PhilHealth na magaang makapagbigay ng mahusay at epektibong serbisyo para sa lahat ng kasapi ng ahensiya. Inilunsad ang PhiliHealth GAMOT noong g 2023 pero para lamanmg sa iilang probinsiya. "Kaya naman ngayon mas pinalawak na natin ito. Karapatan ng bawat Filipino na magkaroon ng access sa mga kinakailangang gamot nang hindi pinapasan ang mabigat na gastusin mula sa sariling bulsa," sabi ni Dr. Mercado.

Para sa iba pang detalye sa PhilHealth GAMOT, tumawag lamang sa l PhilHealth's 24/7 touch points at (02) 866-225-88 or at mobile numbers (Smart) 0998-857-2957, 0968-865-4670, (Globe) 0917-1275987 or 0917-1109812.